KATITIKAN NG IKA-13 TAUNANG PAGPUPULONG
"Sa ika-13 taon ng Katatagan at Kahusayan,
Serbisyong CARD MBA Laging Maasahan"
CARD MRI Development Institute, Brgy. Tranca, Bay, Laguna
September 8 to 9, 2012

September 8, 2012 (Saturday)

1. Panimulang Panalangin
Nagsimula ang taunang pagpupulong sa ganap na ika-8 ng umaga sa pamamagitan ng panalangin ni BOT Conchita C. Tamayo.

2. Pambungad na pananalita
Mula sa Tagapamala ng Samahan, Ms. May S. Dawat, kung saan inilahad ang mga mahahalagang pagtatalakayan gayundin ang magiging kaganapan para sa dalawang araw na pagpupulong.

- Una, ang pagtalakay sa pinakabagong produkto ng Samahan, ang Daily Hospitalization Income Benefit[DHIB]
- Paghahalal ng 10 bagong Patnugot
- At ang pagtatapos ng termino ng anim (6) na Patnugot

Sinundan ito ng pagpapakilala sa mga Regional Representatives na nagmula sa ibat-ibang Provincial Offices at mga kawani na bumubuo ng CARD MBA at CaMIA.

3. Tinalakay ni CO Federico B. Pepillo Jr. ang House Rules. Inilahad din ang magiging kaganapan para sa dalawang araw na pagpupulong.

4. Meeting Call to Order

Isa munang mensahe ang inihatid sa atin ni BOT President Jocelyn C. Decipeda.

" Isang malaking pasasalamat sa CARD MBA at sa buong CARD MRI ang nabigyan ako ng pagkakataon na maging isang Patnugot. Dahil dito, marami akong natutunan at natulungan. Isa sa mga naging karanasan ang hindi ko makakalimutan, ang mabigyan ng pagkakatanon na makapunta sa ibat-ibang bansa upang dumalo ng pagpupulong. Napakasarap at napakasaya sa pakiramdam. Masaya na malungkot ang pagiging BOT, malungkot dahil tulad ng ganitong pagkakataon magpapaalam na ako at masaya din dahil natapos ang termino ko na naging matagumpay at maayos. At para sa mga susunod na mahihirang bilang Patnugot, sana ay ibigay din nila ang lahat ng kanilang makakaya para magampanan ang tungkulin at obligasyon bilang isang Patnugot BOT".

At bilang pagpapasimula ng pagpupulong, pormal ng binuksan ito sa pamamagitan ni BOT President Jocelyn C. Decipeda.

4.1 Discussion on IEC Guidelines of Daily Hospitalization Income Benefit[DHIB]
Sa pangunguna ng Asst. Manager for Operation na sina Roselito A. Magpantay at Mauricio B. Maur.

Ang mga naging katanungan ay binigyan ng kasagutan sa pamamagitan ng In-House Actuary, Michael Kelvin N. Junos at ng Actuarial Consultant, Erwin Sadorra.

- Isa sa naging pangunahing katanungan mula sa Quezon 2, Ms. Teodorica C. Cabling ay kung mayroon mga competitors, paano sasagutin ang mga objections ng mga member ?

  Sagot : Kung may makukuhang mga dokumento, ito ay maaaring pag-aaralan ng IHA Michael Kelvin N. Junos, kasama si AC Erwin Sadorra para na rin sa pag bench mark ng ating produkto sa ibang MBA's o ibang insurance companies.

- Pangalawa na binigyang-linaw ang naging katanungan noong nakaraang pagpupulong na magkaroon ng *additional allowance* ang mga MBA Coordintors.

  Sagot : Ipinaliwanag ni GM Ms. May S. Dawat, na ayon sa naging konsulatasyon sa legal counsel na hindi makukunsidera na magkaroon ng dagdag allowance para sa mga MBA Coordinators sapagkat walang employer-employee relationship sa pagitan ng MBA Staff at MBA Coordinators. Subalit ito naman ay ibinabalik sa ibang paraan na makakatulong din sa mga MBA Coordinators tulad ng pagbibigay ng libreng Flu-Vaccine, livelihood training na makakatulong sa pagpapalago ng business kung saan sila ay naiimbitahan din at Lakbay aral kung saan isang oportunidad na makarating ang MBA Coordinators sa CMDI at sa ibang lugar.At sa mga susunod na panahon ay maaaring makapagbigay ng ibang pang benespisyo.

5. Retrospection on Products & Services of CARD MBA & CaMIA

Sa pangunguna ni Pres./GM Vener S. Abellera at AMO-OIC Oliver M. Reyes.
Dahil sa napagtalakayan na ang DHIB, ilan sa mga naging katanungan ay tungkol sa PAID Plan gaya ng:

- Kapag humigit na sa 70 years old ang isang PAID Plan holder, maaari pa ba niyang ipagpatuloy ang kanyang insurance?.

  Sagot: Isasangguni muna ito sa Pioneer at maaaring pag-aralan

- Naaksidente, tapos walang anumang bahagi ng katawan ang naputol, subalit ito ay wala ng kakayahang maghanap-buhay.

  Sagot: Gayundin, isasangguni muna ito sa Pioneer at maaaring pag-aralan kung pwede mabigyan para sa dissability.

6. Discussion of Duties and Responsibilities of Board of Trustees

Samantala, bago simulan ang nominasyon para sa paghahalal ng bagong Board of Trustees ipinaliwanag muna ng Asst. Admin & Finance-OIC, Ms. Janet D. Caneo ang mga tungkulin at alintuntunin ng isang Lupon ng Patnugot.

7. Nomination of Qualified Board of Trustees

Ang mga papalitan na nakatapos ng dalawang (2) taong termino ay sina BOT President Jocelyn Decipeda, BOT Vice President Mary Ann P. Rodriguez, BOT Treasurer Elizabeth S. Makayan, BOT Secretary Lydia A. Mendoza, BOT Conchita C. Tamayo, BOT Leonisa L. Dizon at BOT Vivina D. Rapsing.

Mula sa mga Regional Representative, isa si Gng. Emmylou S. Onyot ng Misamis Oriental ang nagbigay ng isang makabuluhang mensahe "**Kung sa CARD MBA ay todo-todong Benepisyo,sa kanya bilang MBA Coordinator ay todo-todong serbisyo".**

Matapos ang nominasyon, ipinaliwang din ni AMAF Janet D. Caneo ang mga hindi maaaring tanggapin na boto. Sinundan ito ng pagpapakilala sa mga nominado.

Ang mga sumusunod na mga napiling nominado mula sa Luzon, Visayas at Mindanao Cluster.

MGA NOMINADO MULA SA LUZON	
PANGALAN NG NOMINADO	**PROVINCIAL OFFICE**
Gina K. Tabayag	Camarines Sur
Nilda B. Basilan	Metro Manila
Evelyn B. Austerio	Albay
Jaydivina P. Pasion	Cagayan
Remia A. Vasquez	Oriental Mindoro
Arlinda I. Medrano	Laguna 1
Teodorica C. Cabling	Quezon 2
Angelita D. Ismael	Occidental Mindoro
Raquel Luzon	Laguna 1
Maydie M. Dollaga	Benguet
Felisa B. Lapitan	Batangas
MGA NOMINADO MULA SA VISAYAS	
Genelyn C. Chavez	Iloilo
Letecia G. Del Coro	Cebu
Rosela Acerden	Leyte
Luzcy S. Gonzales	Masbate
MGA NOMINADO MULA SA MINDANAO	
Patricia M. Pelera	Agusan del Norte
Elizabeth O. Reoja	Davao del Sur
Celena B. Lazo	North Cotabato
Emmylou S. Onyot	Misamis Oriental

Samantala, isang magandang balita ang inihatid sa atin ni GM May S. Dawat, ang naging resulta ng isininagawang survey sa DHIB, umabot sa 50.8 % ng miyembro ang sumang-ayon. Kasunod nito, ay ang pag-apruba ng Insurance Commission para sa bagong produkto ng Samahan, ang **Daily Hospitalization Income Benefit[DHIB].**Dahil dito, ang DHIB ay maaari ng ilunsad bilang karagdagan at bagong produkto ng CARD MBA.

SEPTEMBER 9, 2012 (SUNDAY)

1. Panimulang Panalangin

   Sinimulan ang Ikalawang-araw ng pagpupulong sa panalangin ni BOT Leonisa L. Dizon. Sinundan ng pag-awit ng pambansang awit, Lupang Hinirang na pinangunahan ni Ms. Aimee M. Deza, Bookkeeper ng CARD MBA Main Office.

   Sinundan ito ng pagbati sa mga panauhin na nagsidalo mula sa ibat-ibang sangay ng CARD MRI.

2. Pambungad na Pananalita

   Naghatid ng isang mensahe ang Tagapamahala ng Samahan Ms. May S. Dawat, kung saan pinabatid niya ang Ika -13 Taon ng Katatagan at Kahusayan na talagang serbisyo ng CARD MBA ay maaasahan na mula sa simula sa pangungunga na ating CARD MRI Managing Director, Dr. Jaime Aristotle B. Alip, gayundin ang dating Tagapamahala Mr. Alexander M. Dimaculangan na kaagapay at patuloy na pinagsisikapan na ipagpatuloy ang nasimulan. At mula rin sa mga Regional Representatives, mga Lupon ng Patnugot at mga dating Pangulo ng Samahan na taos pusong ipinaabot ang pasasalamat.

   Isa rin sa kanyang naibahagi na noong inilipat na ang pamamahala ng MMF o Members Mutual Fund sa CARD MBA, mayroon itong 15 incorporators na nagtatag ng CARD MBA. Hinarap nila ang maraming katanungan lalo na sa kontribusyon.

Isa sa hindi niya malilimutan ay ang kaisa-isang folder na naglalaman ng talaan ng Php 4.5 M cash in bank na ngayon ang Php 4.5 B na. Maaaring sa ngayon ay hindi pa ganoon na 100% subalit ang katatagan at kahusayang ito ay magsisilbong adhikain na ipagpatuloy ang nasimulan ng Samahan hanggang sa mga susunod na taon.

3. Paglalahad ng Quorum at Pagbasa ng Nakaraang Katitikan

   Inilahad ni BOT Secretary Lydia A. Mendoza ang kabuuang bilang ng kasapian ay 1, 497,096 at ang nakalap na proxy votes ay 877,974. Ang bilang na ito ay 58.65% ng buong kasapian kung kaya't idineklarang may quorum na kung saan maaaring ipagpatuloy ang gagawing pagpupulong. Kasunod nito ay binasa ang nakaraang katitikan

4. Pagtalakay sa mga naging kaganapan

   Inilahad ni GM Ms. May S. Dawat, ang mga naging kaganapan sa nakaraang katitikan. Una, pagpapasalamat sa lahat ng kasapi na patuloy na nagpapadala ng liham pasasalamat at muli ay hinihikyat pa rin ang mga kasapi na magpadala ng kanilang mga essay o liham pasasalamat. Pangalawa, ang kahilangan ng MBA Coordinators na magkaroon ng allowance at dahil sa hindi nakunsidera ay ibinalik naman natin sa ibang pamamaraan ng pagbibigay ng benepisyo sa pamamagitan ng flu vaccine, livelihood training at lakbay-aral. Pangatlo, ang ang kahilingan ng kasapian na magkaroon ng medical assistance at ito ay nakunsidera na sa pamamagitan ng DHIB. Pang-apat, generic medicines ay nasagot sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga branches ng BotiCARD.

   Sa pamamagitan ni BOT President Jocelyn C. Decipeda hiniling na pagtibayin ang nakaraang katitikan na imininungkahi ni Gng Feliza V. Lapitan ng Batangas PO at pinangalawan ni Gng. Teodorica C. Cabling ng Quezon 2 PO.

5. Ulat ng Pangulo

   Iniulat ni BOT President Jocelyn C. Decipeda ang mga naging kaganapan noong taong 2011.

   Mula sa ika-31 ng Disyembre 2011, at sa pagkalipas ng labing-dalawang [12] taon ay umabot ang kasapian sa 1,433,240 at may kabuuang Php 3.6 Billion total assets. Tinalakay rin ang mga sumusunod:

   5.1 Kaganapan sa Operasyon

   Mula sa 20 Provincial Offices (PO) at tatlong (3) Service Offices (SO) noong taong 2010, natapos ang taong 2011 na may 31 POs at dalawang (2) SOs ang kabuuang bilang ng ating tanggapan. Samantala, ang kabuuang bilang naman ng kasapian ay 1,433,240.

   5.2 BOAT Programs

   Tatlong (3) BOAT Partners ang napadagdag sa taong 2011 at ito ay ang San Julian MPC mula sa Iloilo PO, Sipsipin na sakop ng Laguna 2 PO, Caunayan MPC mula sa Ilocos PO.

   5.3 Product Enhancement for 2011

   Simula Enero 03, 2011 ay nagkaroon ng dagdag na Php 1,000.00 benepisyo sa bawat dalawang(2) taon matapos ang ika-apat na taon pagiging kasapi ng Samahan.

5.4 Non Financial Services

5.4.1 CARD Disaster Relief Assistance Program[CDRAP]

Ang kabuuang bilang ng mga kasaping nabigyan ng *relief goods* ay 93,664 na nagkakahalaga ng Php 26,875,999 .Bilang karagdagan, ang mga relief goods ay sinasamahan na rin ng mga gamot mula sa BotiCARD.

5.5 Mga nabayarang benepisyo

Ang kabuuang halaga na nabigyan ng benepisyo ay umabot sa Php 401,358,090.

5.6 Mga kaganapan simula 1999 hangang 2011

Dahilan sa mabilis na pagdami ng kasapi ng CARD MBA, mula sa dating bilang ng kasapian na 28,531 noong unang (1) taon ng pagkakatatag nito ay umabot na ito sa 1,433,240.kasapi sa pagtatapos ng taong 2011. Gayundin, mula sa Php 6.6 Million assets ng samahan noong 1999 ay lumaki na ito ng Php 3.6 Billion total assets hanggang sa taong 2011.

5.7 Management Transition

Mula sa dating Tagamahala na si Mr. Alexander M. Dimaculangan,ang CARD MBA ay pinamamahalaan ngayon ng bagong Tagamahala, Ms. May S. Dawat.

6. Ulat ng Ingat-Yaman

Ipinagkaloob ni Asst. Manager for Admin and Financ-OIC, Ms. Janet D.Caneo, ang 2011 Audited Financial Statement ng Samahan kay BOT Treasurer Elizabeth S. Makayan. Sinundan ito ng pagbibigay-ulat ng Ingat-Yaman ng pinansyal na kalalagayan ng Samahan simula Dec.2010 na may kabuuang halaga ng assets Php 2,665,218,083 at sa taongDec. 2011 na nagkakahalaga ng Php 3,643,678,938.

Samantala, ang kalalagayan naman ng Investment ng Samahan ay umabot na ng Php 3,453,313,258.66.

Matapos ang ulat ng pinansiyal na kalalagayan ng Samahan, tinalakay naman ni PRM Arlene R. Umandap ang tungkol sa launching ng DHIB. Dahilan na rin sa pagkawala ng AKAP CARD ito ang naging alternatibo upang matugunan ang kahilingan ng mga kasapi na magkaroon ng health insurance. Ito rin ang kauna-unahang produkto na nabuo ng Product Development and Innovation Committee sa pamumuno ng Chairperson G. Alexander M. Dimaculangan. At dahil sa inaprubahan na ng Insurance Commission ang pagpapatupad ng DHIB,napagkasunduan ng lahat ng dumalo na ito ay magsisimula sa Oktubre 1, 2012. Magpapalabas ang Samahan ng isang Advisory na magiging gabay para sa pagpapatupad nito.

7. Election of Board of Trustees

Ang halalan ay pinamahalaan ng Committee on Election sa binubuo nina Mr. Aristeo A. Dequito, Ms. Cynthia Baldeo at Ms. Elma B. Valenzuela. Ang proseso ng halalan ay ginabayan din ng Legal Counsel na sina Atty. Jomer Aquino,Atty. Shirley Bacud, Atty. Ana Buenaventura at Mr. Mon Gareza.

Naglagay ng election precinct na nakatalaga para sa bawat Cluster ng Luzon, Visayas at Mindanao na kung saan dito boboto ang mga Regional Representatives. Ang bawat presinto ay pinangunahan ng mga Cluster Managers (CM).Matapos ang botohan ay sinimulan na ang pagbibilang ng mga boto sa bawat balota.

Ang resulta ng botohan sa bawat presinto ay nakasulat sa isang tally sheet na may title na “Election Returns.” Matapos ang bilangan ng boto, ang election returns ay nilagdaan ng nakatalagang CM. Ang election returns na may tatak din ng Selyo ng Samahan bilang patunay na ito ay awtentiko at inilagay sa ballot box, silyado at may lagda ng mga nakatalagang CM.

Ang mga ballot box na ito ay bubuksan lamang ng Members Committee on Election at ito ay sa oras na sisimulan na ang pagbibilang ng election returns mula sa bawat Cluster.

May bilang na 46 Regional Representative ang bumoto mula sa iba’t ibang Units ng CARD. Samantala may tatlo (3) pang natitirang BOT ang mananatili sa pwesto sila ay sina BOT Aniana Aniel ng Oriental, BOT Maricel Ramos ng Marinduque, at BOT Ma. Therese F. Jane ng Cavite.

Nahalal sina Gng. Remia C. Vasquez, Gng. Evelyn B. Austerio, Gng. Teodorica C. Cabling at Gng Nilda B. Basilan mula sa Luzon Cluster. Gng. Letecia G. Del Coro ,Gng. Gng. Genelyn C. Chavez at Gng. Lucy S. Gonzales ng Visayas Cluster at Gng. Patricia M. Pelera, Gng Celena B. Lazo at Gng. Emmylou S. Onyot ng Mindanao Cluster bilang mga bagong Patnugot.

CLUSTER	NOMINADO	PROVINCIAL OFFICE	BILANG NG BOTO	TAGAL NG TERMINO
LUZON	Remia A. Vasquez	Oriental Mindro	566,126	2 taon
	Evelyn B. Austerio	Albay	390,456	1 taon
	Teodorica C. Cabling	Quezon 2	375,579	1 taon
	Nilda B. Basilan	Metro Manila 1	348,069	1 taon
VISAYAS	Letecia Del Coro	Cebu	775,557	2 taon
	Genelyn C. Chavez	Iloilo	674,726	2 taon
	Lucy S. Gonzales	Masbate	575,551	2 taon
MINDANAO	Patricia M. Pelera	Agusan del Norte	762,444	2 taon
	Celena B. Lazo	Capiz	698,207	2 taon
	Emmylou S. Onyot	Misamis Oriental	648,727	2 taon

Ang bagong Lupon ng Patnugot ay binubuo ng labing-tatlong Patnugot mula sa hanay ng mga kasapi at Independent Trustee ayon na rin sa bilang ng Patnugot na nakapaloob sa bagong Amended Articles of Incorporations and By-Laws.

8. Mensahe mula sa mga Panauhin

Ang bawat Institutional Heads mula sa ibat-ibang institusyon ng CARD MRI ay nagbigay ng mahahalagang mensahe na sina CARD BANK President & CEO, Ms. Dolores M. Torres,CARD Inc. Executive Director Ms. Flordeliza L. Sarmiento, CARD SME BANK President & CEO Ms. Mary Jane B. Perreras. Nagbigay din ng mensahe si Senior Adviser Mr. Alexander M. Dimaculangan at Executive Director of Rimansi Mr. Epifanio Maniebo.

Isang mensahe ang napakinggan mula sa CARD MRI Managing Director Dr. Aristotle B. Alip, sa pamamagitan ng skype call, binati niya ang lahat ng Regional Representatives, Excom Members,mga kawani mula sa ibat-ibang institusyon ngCARD MRI, ang Tagapamahala ng Samahan Ms. May S. Dawat sa tagumpay na nakamit ng CARD MBA. Gayundin ang lahat ng bagong Board of Trustees.

9. Panunumpa ng BOT at MBA Coordinators at pagbibigay ng Sertipiko

Panunumpa ng mga bagong Board of Trustees sa pangunguna ng CARD MBA Chairperson of Management Advisory Committee, Ms. Deverna dT.Briones.

Kasunod nito, ang pagbibigay ng Sertipiko ng Pagkilala sa mga Patnugot na natapos na ng termino sa pangunguna ng mga institutional heads mula sa ibat-ibang institusyon ng CARD MRI.

Matapos nito,ay ang panunumpa ng lahat ng MBA Coordinators sa pangunguna na ni BOT President Jocelyn C. Decipeda

Natapos ang taunang pagpupulong sa ganap na 1:30 ng hapon.

Inihanda nina:

MELANIE T. ELPA
Executive Assistant

JENNYLYN M. MENESES
Insurance Processor

Sinuri at Pinatunayan ni:

MA.THERESE JANE F. PERDITO
CARD BOT Secretary